Setyembre 3, 2021 Kautusang Tagapagpaganap 2021-22

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2021-22**
**(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 88)**

**SAPAGKAT**, mula noong unang bahagi ng Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang karamdaman at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 1,538,300, at kumitil ng buhay ng higit sa 24,000 na mga residente; at,

**SAPAGKAT**, sa lahat ng oras ngunit lalo na sa panahon ng isang krisis sa pampublikong kalusugan, ang pangangalaga sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, tinukoy ng Illinois Department of Public Health (IDPH, Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois) na ang Delta variant ay ang pinaka-nangingibabaw na uri ng COVID-19 sa Illinois at ito ay mabilis na kumalat sa mga hindi nabakunahang mga tao ng lahat ng edad sa Illinois; at,

**SAPAGKAT**, ang Delta variant ay mas agresibo at mas madaling maihawa kaysa sa dating kumakalat na mga uri nito, at nagdudulot ito ng mga bagong panganib sa patuloy na pagsisikap na matigil at mapabagal ang pagkalat ng birus; at,

**SAPAGKAT**, ang Delta variant ay maaaring magdulot ng mas malubhang karamdaman kaysa sa mga naunang uri ng birus; at,

**SAPAGKAT**, tinatantya ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na ang Delta

variant ngayon ay bumubuo ng higit sa 90 porsyento ng lahat ng mga na-sequence na mga kaso ng coronavirus sa U.S.; at,

**SAPAGKAT**, ang CDC ay naglabas ng patnubay na nagrerekomenda sa madalas na pagsusuot ng mask sa panloob na pampublikong lugar, kahit sa mga taong ganap nang nabakunahan,[1] pati na rin kung saan inaatas ng pederal, estado, lokal, pangtribu, o teritoryal na mga batas, alituntunin, at regulasyon, kabilang ang gabay sa lokal na negosyo at sa lugar ng trabaho; at,

**SAPAGKAT**, ang bawat rehiyon sa Estado ay nakakaranas ng pagtaas ng bilang ng mga kaso ng COVID-19 at pagtaas ng bilang ng mga kama sa ospital at mga kama ng ICU na ginagamit ng mga pasyente ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, may mga bahagi ng bansa kung saan may kakaunti, kung mayroon man, na mga magagamit na kama sa ICU bilang resulta ng Delta variant, at sa maraming bahagi ng Illinois, ang bilang ng mga magagamit na kama sa ICU ay bumababa sa mga nakaraang linggo bilang resulta ng Delta variant; at,

**SAPAGKAT**, ang CDC ay patuloy na nagpapayo na ang mga telang pantakip sa mukha o mga mask ay pinoprotektahan ang mga taong hindi pa ganap na nabakunahan laban sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang pisikal na pagdidistansya, mga pantakip sa mukha, at iba pang pag-iingat sa pampublikong kalusugan ay napatunayang mahalaga sa pagbagal at pagtigil ng pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang mga kaso ng COVID-19 sa mga edad 5 hanggang 11 at edad 12 hanggang 17 ay tumaas nang husto sa nakaraang buwan; at,

**SAPAGKAT**, kinilala ng CDC na ang pagbabakuna ang nangungunang pampublikong kalusugan na estratehiya sa pag-iwas upang wakasan ang pandemya ng COVID-19 at inirerekomenda na ang lahat ng mga guro, kawani, at mga kwalipikadong mag-aaral ay mabakunahan sa lalong madaling panahon; at,

**SAPAGKAT**, ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas, mabisa, at makukuha nang walang bayad ng sinumang residente ng Illinois na edad 12 pataas; at,

**SAPAGKAT**, habang higit sa 6.7 milyong mga taga-Illinois ang ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19, nang sa gayon ay maprotektahan laban sa mabilis na pagkalat ng Delta variant, kinakailangan ng karagdagang mga hakbang upang matiyak na ang bilang ng mga nabakunahang residente ay patuloy na dumami at mapabilang ang mga indibidwal na nagtatrabaho sa ilang mga lugar ng pag-aalala, kabilang ang mga nagtatrabaho sa paligid ng mga bata na wala pang 12 taong gulang; at,

---

[1] Ang mga indibidwal ay itinuturing na ganap nang nabakunahan 2 linggo pagkatapos ng kanilang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis, tulad ng mga bakunang Pfizer-BioNTech o Moderna, o 2 linggo pagkatapos ng isang solong-dosis na bakuna, tulad ng bakunang Janssen ng Johnson & Johnson.  Ang mga indibidwal na hindi nakakatugon sa mga kinakailangang ito, anuman ang edad, ay hindi itinuturing na ganap na nabakunahan.

**SAPAGKAT**, ang pagtaas ng mga bilang ng pagbabakuna sa mga paaralan ay ang pinakamalakas na panukalang proteksyon laban sa COVID-19 na available at, kasama ng pagsusuot ng mask at regular na pagpapasuri, ay mahalaga sa pagbibigay ng in-person na pagtuturo sa ligtas na paraan hangga't maaari; at,

**SAPAGKAT**, ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, at partikular ang mga sangkot sa direktang pangangalaga ng pasyente, ay nahaharap sa mas mataas na peligro ng eksposyur sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang pagtigil ng pagkalat ng COVID-19 sa mga lugar ng pangangalaga sa kalusugan ay mahalaga dahil sa presensya ng mga taong may sakit o nakompromiso na ang immune system; at,

**SAPAGKAT**, ang pag-aatas sa mga indibidwal sa mga lugar ng pangangalaga sa kalusugan na tumanggap ng bakuna sa COVID-19 o sumailalim sa regular na pagpapasuri ay makakatulong upang maiwasan ang mga pagsiklab at mabawasan ang paghawa sa mga mahinang indibidwal na maaaring nasa mas mataas na peligro ng malubhang sakit; at,

**SAPAGKAT**, ang mga hakbangin sa buong estado ay kinakailangan upang maprotektahan lalo na ang mga mahinang indibidwal, pati na rin ang mga empleyado, sa mga lugar ng pangangalaga sa kalusugan na may mataas na peligro; at,

**SAPAGKAT**, tungkulin ng bawat employer na protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado sa pamamagitan ng pagtatatag at pagpapanatili ng isang malusog at ligtas na kapaligiran sa trabaho at pag-aatas sa mga empleyado na sumunod sa mga hakbang sa kalusugan at kaligtasan; at,

**SAPAGKAT**, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19, ang pagtaas ng banta ng Delta variant, at ang makabuluhang porsyento ng populasyon na nananatiling hindi nabakunahan, inihayag ko noong Agosto 20, 2021 na ang mga kasalukuyang kalagayan sa Illinois na nakapalibot sa pagkalat ng COVID-19 ay patuloy na bumubuo ng isang emerhensiya sa epidemya at isang emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Illinois Emergency Management Agency Act;

**SAMAKATUWID**, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at sa Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, Mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(12), at Seksyon 19 nito, at naaayon sa mga kapangyarihan sa mga batas ng pampublikong kalusugan, inuutos ko ang mga sumusunod na kaagad ipatutupad:

**Seksyon 1: Mga kinakailangan sa pantakip sa mukha para sa mga indibidwal.** Simula sa Lunes, Agosto 30, 2021, ang lahat ng mga indibidwal sa Illinois na may edad na dalawa o pataas at magagawang tiisin ang pantakip sa mukha (isang maskara o telang pantakip sa mukha) ay kinakailangang takpan ang kanilang ilong at bibig ng isang pantakip sa mukha kapag nasa isang panloob na pampublikong lugar. Dapat tiyakin ng lahat ng mga employer na ang mga empleyado ay nagsusuot ng mga pantakip sa mukha sa mga panloob na lugar ng

trabaho. Dapat ding isaalang-alang ng mga taga-Illinois ang pagsusuot ng mask sa mga matataong panlabas na lugar at sa mga aktibidad na nangangailangan ng malapitang pakikipag-ugnay sa ibang taong hindi ganap na nabakunahan.

Ang mga pantakip sa mukha ay maaaring alisin pansamantala habang kumakain o umiinom (kabilang sa mga bar o restawran), at maaaring alisin ng mga empleyado sa mga pinagtatrabahuhan kung palagi nilang napapanatili ang anim na talampakang distansya (tulad ng kapag ang mga empleyado ay nasa kanilang tanggapan o cubicle).

Ang lahat ng mga indibidwal, kabilang ang mga ganap nang nabakunahan, ay patuloy na kinakailangang magsuot ng pantakip sa mukha (1) sa mga eroplano, mga bus, tren, at iba pang mga anyo ng pampublikong transportasyon at sa mga hub ng transportasyon tulad ng mga paliparan at mga istasyon ng tren at bus; (2) sa mga komunal na pasilidad tulad ng mga pasilidad sa pagwawasto at mga kanlungan para sa mga walang tirahan; at (3) sa mga lugar ng pangangalaga sa kalusugan.

**Seksyon 2: Mga Kinakailangan sa Pagbabakuna at Pagsusuri para sa Mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan.**

a. Mga Depinisyon
    i. Ang "Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan" ay nangangahulugang sinumang tao na (1) nagtatrabaho, nagboboluntaryo, o kinontrata upang magbigay ng mga serbisyo para sa isang Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan, o nagtatrabaho sa isang entidad na kinontrata upang magbigay ng mga serbisyo sa isang Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan, at (2) malapit na nakikipag-ugnay (mas mababa sa 6 na talampakan) sa ibang mga tao sa pasilidad nang higit sa 15 minuto na hindi bababa sa isang beses sa isang linggo sa isang regular na batayan na tinukoy ng Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan. Ang terminong "Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan" ay hindi saklaw ang sinumang tao na nagtatrabaho, nagboboluntaryo, o kinontrata upang magbigay ng mga serbisyo para sa anumang pasilidad na pagmamay-ari o pinamamahalaan ng Estado. Ang terminong "Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan" ay hindi rin saklaw ang sinumang tao na naroroon sa Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan sa loob lamang ng maikling panahon at may panandaliang pakikipag-ugnayan sa ibang tao sa lugar (hal., mga kontratista na nagsasagawa ng paghahatid sa lugar kung saan sila ay nananatiling pisikal na nakadistansya mula sa iba o madaliang pumapasok sa lugar upang kunin ang isang kargamento).
    ii. Ang "Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan" ay nangangahulugang anumang institusyon, gusali, o ahensya, o bahagi ng isang institusyon, gusali o ahensya, pampubliko man o pribado (pangkalakal o hindi-pangkalakal), na ginagamit, pinamamahalaan o dinisenyo upang magbigay ng mga serbisyong pangkalusugan, medikal na panggagamot o

pangangalaga, o panunumbalik o pang-iwas na pangangalaga sa sinumang tao o mga tao. Sinasaklaw nito ang, ngunit hindi limitado sa, mga ambulatory surgical treatment center, mga hospisyo, ospital, mga tanggapan ng manggagamot, mga parmasya, mga serbisyong medikal na pang-emerhensiya, mga sasakyan na lisensyado ng IDPH para sa serbisyong medikal na pang-emerhensiya, mga tanggapan ng kiropraktiko, tanggapan ng dental, mga free-standing emergency center, mga pasilidad ng kagyat na pangangalaga, mga birth center, mga pasilidad ng pangangalaga sa paggaling pagkatapos ng operasyon, mga pasilidad ng end-stage renal disease, mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga (kabilang ang mga pasilidad ng skilled at intermediate na pangmatagalang pangangalaga na lisensyado sa ilalim ng Nursing Home Care Act, ng ID/DD Community Care Act o ng MC/DD Act), Specialized Mental Health Rehabilitation Facilities, mga pasilidad ng assisted living, pasilidad ng supportive living, pasilidad ng tulong medikal, mga sentro ng kalusugang pangkaisipan, mga pasilidad ng outpatient, mga sentro ng pampublikong kalusugan, mga pasilidad ng rehabilitasyon, pasilidad ng residensyal na panggagamot, at mga sentro para sa pangangalaga ng nakatatanda. Ang terminong "Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan" ay hindi saklaw ang anumang mga pasilidad na pagmamay-ari o pinamamahalaan ng Estado.

iii. Ang isang indibidwal ay "ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19" dalawang linggo pagkatapos matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng dalawang-dosis na bakuna sa COVID-19 na awtorisado para sa emerhensiyang paggamit, lisensyado, o kung hindi man ay inaprubahan ng U.S. Food and Drug Administration (FDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot sa Estados Unidos), o dalawang linggo pagkatapos matanggap ang isang solong-dosis na bakuna sa COVID-19 na awtorisado para sa emerhensiyang paggamit, lisensyado, o kung hindi man ay inaprubahan ng FDA.

b. Ang lahat ng mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan ay dapat magkaroon, sa minimum, ng unang dosis ng isang serye ng dalawang-dosis na bakuna sa COVID-19 o isang solong-dosis na bakuna sa COVID-19 sa Setyembre 19, 2021, at ng pangalawang dosis ng isang serye ng dalawang-dosis na bakuna sa COVID-19 sa loob ng 30 araw pagkatapos maturukan ng kanilang unang dosis sa isang serye ng pagbabakuna na may dalawang dosis. Ang sinumang Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan na hindi napatunayang sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat na masuri na naaayon sa mga kinakailangan ng Subseksyon (d). Upang mapatunayan na sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19, ang mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan ay dapat magbigay sa Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan ng patunay ng ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19. Ang patunay ng pagbabakuna sa COVID-19 ay maaaring matugunan sa pamamagitan

ng pagbibigay ng isa sa mga sumusunod: (1) isang CDC COVID-19 record card ng pagbabakuna o larawan ng kard; (2) dokumentasyon ng pagbabakuna mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o elektronikong rekord ng kalusugan; o (3) mga rekord ng pagbabakuna ng estado.

c. Ang mga Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan ay dapat ibukod ang mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan na hindi ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 mula sa lugar maliban kung sumunod sila sa mga kinakailangan sa pagsusuri na tinukoy sa Subseksyon (d).

d. Simula sa Setyembre 19, 2021, upang makapasok o magtrabaho sa o para sa isang Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan, ang mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan na hindi pa ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat sumailalim sa pagsusuri para sa COVID-19, tulad ng inilarawan sa ibaba, hanggang sa mapatunayan nilang sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19:

    i. Ang mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan na hindi ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat na masuri para sa COVID-19 nang lingguhan, sa minimum. Ang pagsusuri ay dapat gawin gamit ang isang test na may Awtorisasyon para sa Emerhensiyang Paggamit ng FDA o isinasagawa alinsunod sa mga kinakailangan sa Laboratory Developed Test ng U.S. Centers for Medicare and Medicaid Services.

    ii. Ang nasabing pagsusuri para sa mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan na hindi ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat isagawa nang on-site sa Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan o ang Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan ay dapat kumuha ng katibayan o kumpirmasyon mula sa Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan ng negatibong resulta ng pagsusuri na nakuha sa ibang lugar.

    iii. Inirerekomenda ng IDPH na masuri ang mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan gamit ang PCR test kung ito ay available.

e. Ang mga indibidwal ay hindi kasama mula sa anumang kinakailangan upang maging ganap na mabakunahan laban sa COVID-19 kung (1) ang pagbabakuna ay medikal na kontraindikado, kabilang ang sinumang indibidwal na karapat-dapat sa isang akomodasyon sa ilalim ng Americans with Disabilities Act o anumang ibang batas na naaangkop sa isang makatuwirang akomodasyon na nauugnay sa kapansanan, o (2) ang pagbabakuna ay mangangailangan sa indibidwal na labagin o talikuran ang matapat na pinanghahawakan na paniniwala sa relihiyon, kaugalian, o pagtalima nito. Ang mga indibidwal na nagpapatunay na sila ay hindi kasama sa kinakailangan sa pagbabakuna ay dapat sumailalim, sa minimum, sa lingguhang pagpapasuri tulad ng nakasaad sa Subseksyon (d).

f. Ang mga ahensya ng Estado, kabilang ngunit hindi limitado sa IDPH, ang Kagawaran ng Serbisyong Pantao ng Illinois, at ang Illinois Department of Healthcare and Family Services, ay maaaring magpalaganap ng mga panuntunang

pang-emerhensiya kung kinakailangan upang maisakatuparan ang Kautusang Tagapagpaganap na ito.

**Seksyon 3: Mga Kinakailangan sa Pagbabakuna at Pagsusuri para sa Tauhan ng Paaralan.**

a. Mga Depinisyon
    i. Ang "Tauhan ng Paaralan" ay nangangahulugang sinumang tao na (1) nagtatrabaho, nagboboluntaryo, o kinontrata upang magbigay ng mga serbisyo para sa isang Paaralan o distrito ng paaralan na naglilingkod sa mga mag-aaral sa pre-kindergarten hanggang sa ika-12 baitang, o nagtatrabaho sa isang entidad na kinontrata upang magbigay ng mga serbisyo sa isang Paaralan, distrito ng paaralan, o mga mag-aaral ng isang Paaralan, at (2) malapit na nakikipag-ugnay (mas mababa sa 6 na talampakan) sa mga mag-aaral ng Paaralan o ibang Tauhan ng Paaralan nang higit sa 15 minuto na hindi bababa sa isang beses sa isang linggo sa isang regular na batayan na tinukoy ng Paaralan. Ang terminong "Tauhan ng Paaralan" ay hindi saklaw ang sinumang tao na naroroon sa Paaralan sa loob lamang ng maikling panahon at may panandaliang pakikipag-ugnayan sa ibang tao sa lugar (hal., mga kontratista na nagsasagawa ng paghahatid sa lugar kung saan sila ay nananatiling pisikal na nakadistansya mula sa iba o madaliang pumapasok sa lugar upang kunin ang isang kargamento).
    ii. Ang "Paaralan" ay nangangahulugang anumang pampubliko o hindi pampublikong elementarya o sekundaryong paaralan, kabilang ang mga charter school, na naglilingkod sa mga mag-aaral sa pre-kindergarten hanggang sa ika-12 baitang, kabilang ang anumang mga paaralang pinamamahalaan ng Estado tulad ng Philip J. Rock Center and School, ang Illinois School for the Visually Impaired, ang Illinois School for the Deaf, at ang Illinois Mathematics and Science Academy. Ang terminong "Paaralan" ay hindi saklaw ang Illinois Department of Juvenile Justice.
    iii. Ang isang indibidwal ay "ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19" dalawang linggo pagkatapos matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng dalawang-dosis na bakuna sa COVID-19 na awtorisado para sa emerhensiyang paggamit, lisensyado, o kung hindi man ay inaprubahan ng UFDA, o dalawang linggo pagkatapos matanggap ang isang solong-dosis na bakuna sa COVID-19 na awtorisado para sa emerhensiyang paggamit, lisensyado, o kung hindi man ay inaprubahan ng FDA.

b. Ang lahat ng mga Tauhan ng Paaralan ay dapat magkaroon, sa minimum, ng unang dosis ng isang serye ng dalawang-dosis na bakuna sa COVID-19 o isang solong-dosis na bakuna sa COVID-19 sa Setyembre 19, 2021, at ng pangalawang dosis ng isang serye ng dalawang-dosis na bakuna sa COVID-19 sa loob ng 30 araw pagkatapos maturukan ng kanilang unang dosis sa isang serye ng pagbabakuna na may dalawang dosis. Ang sinumang Tauhan ng Paaralan na hindi

napatunayang sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat na masuri na naaayon sa mga kinakailangan ng Subseksyon (d). Upang mapatunayan na sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19, ang mga Tauhan ng Paaralan ay dapat magbigay sa Paaralan ng patunay ng ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19. Ang patunay ng pagbabakuna sa COVID-19 ay maaaring matugunan sa pamamagitan ng pagbibigay ng isa sa mga sumusunod: (1) isang CDC COVID-19 record card ng pagbabakuna o larawan ng kard; (2) dokumentasyon ng pagbabakuna mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o elektronikong rekord ng kalusugan; o (3) mga rekord ng pagbabakuna ng estado.

c. Ang mga Paaralan ay dapat ibukod ang mga Tauhan ng Paaralan na hindi ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 mula sa lugar maliban kung sumunod sila sa mga kinakailangan sa pagsusuri na tinukoy sa Subseksyon (d).
d. Simula sa Setyembre 19, 2021, upang makapasok o magtrabaho sa o para sa isang Paaralan, ang mga Tauhan ng Paaralan na hindi pa ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat sumailalim sa pagsusuri para sa COVID-19, tulad ng inilarawan sa ibaba, hanggang sa mapatunayan nilang sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19:
    i. Ang mga Tauhan ng Paaralan na hindi ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat na masuri para sa COVID-19 nang lingguhan, sa minimum. Ang pagsusuri ay dapat gawin gamit ang isang test na may Awtorisasyon para sa Emerhensiyang Paggamit ng FDA o isinasagawa alinsunod sa mga kinakailangan sa Laboratory Developed Test ng U.S. Centers for Medicare and Medicaid Services.
    ii. Ang nasabing pagsusuri para sa mga Tauhan ng Paaralan na hindi ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat isagawa nang on-site sa Paaralan o ang Paaralan ay dapat kumuha ng katibayan o kumpirmasyon mula sa Tauhan ng Paaralan ng negatibong resulta ng pagsusuri na nakuha sa ibang lugar.
    iii. Inirerekomenda ng IDPH na masuri ang mga Tauhan ng Paaralan gamit ang PCR test kung ito ay available.
e. Ang mga indibidwal ay hindi kasama mula sa anumang kinakailangan upang maging ganap na mabakunahan laban sa COVID-19 kung (1) ang pagbabakuna ay medikal na kontraindikado, kabilang ang sinumang indibidwal na karapat-dapat sa isang akomodasyon sa ilalim ng Americans with Disabilities Act o anumang ibang batas na naaangkop sa isang makatuwirang akomodasyon na nauugnay sa kapansanan, o (2) ang pagbabakuna ay mangangailangan sa indibidwal na labagin o talikuran ang matapat na pinanghahawakan na paniniwala sa relihiyon, kaugalian, o pagtalima nito. Ang mga indibidwal na nagpapatunay na sila ay hindi kasama sa kinakailangan sa pagbabakuna ay dapat sumailalim, sa minimum, sa lingguhang pagpapasuri tulad ng nakasaad sa Subseksyon (d).
f. Ang mga ahensya ng Estado, kabilang ngunit hindi limitado sa IDPH at ng Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois, ay maaaring magpalaganap ng mga

panuntunang pang-emerhensiya kung kinakailangan upang maisakatuparan ang Kautusang Tagapagpaganap na ito.

**Seksyon 4: Mga Kinakailangan sa Pagbabakuna at Pagsusuri para sa Mas Mataas na Edukasyon.**

a. Mga Depinisyon

i. "Ang Mga Tauhan ng Mas Mataas na Edukasyon" ay nangangahulugang sinumang tao na (1) nagtatrabaho, nagboboluntaryo, o kinontrata upang magbigay ng mga serbisyo para sa isang Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon, o nagtatrabaho sa isang entidad na kinontrata upang magbigay ng mga serbisyo para sa isang Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon, at (2) malapit na nakikipag-ugnay (mas mababa sa 6 na talampakan) sa ibang mga tao sa kampus o sa gusali o lokasyon na kaakibat ng campus nang higit sa 15 minuto na hindi bababa sa isang beses sa isang linggo sa isang regular na batayan. Ang terminong "Tauhan ng Mas Mataas na Edukasyon" ay hindi saklaw ang sinumang tao na naroroon sa kampus o sa isang kaakibat na lokasyon sa labas ng kampus sa loob lamang ng maikling panahon at may panandaliang pakikipag-ugnayan sa ibang tao sa lugar (hal., mga kontratista na nagsasagawa ng paghahatid sa lugar kung saan sila ay nananatiling pisikal na nakadistansya mula sa iba o madaliang pumapasok sa lugar upang kunin ang isang kargamento).

ii. Ang "Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon" ay nangangahulugang anumang pampubliko o pribadong pinamamahalaan na unibersidad, kolehiyo, pambayang kolehiyo, junior college, paaralan ng pagnenegosyo, teknikal o bokasyunal, o iba pang institusyong pang-edukasyon na nag-aalok ng mga degree, programa, o pagtuturo na lampas sa antas ng sekondarya.

iii. Ang "Mag-aaral ng Mas Mataas na Edukasyon" ay nangangahulugang isang indibidwal na naka-enrol sa credit-bearing o non-credit bearing na kurso sa isang Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon, sa kampus man o sa isang kaakibat na lokasyon sa labas ng kampus. Ang terminong "Mag-aaral ng Mas Mataas na Edukasyon" ay hindi saklaw ang mga indibidwal na eksklusibong kinokumpleto ang kanilang kurso sa malayuang lugar.

iv. Ang isang indibidwal ay "ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19" dalawang linggo pagkatapos matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng dalawang-dosis na bakuna sa COVID-19 na awtorisado para sa emerhensiyang paggamit, lisensyado, o kung hindi man ay inaprubahan ng FDA, o dalawang linggo pagkatapos matanggap ang isang solong-dosis na bakuna sa COVID-19 na awtorisado para sa emerhensiyang paggamit, lisensyado, o kung hindi man ay inaprubahan ng FDA.

b. Ang lahat ng mga Tauhan ng Mas Mataas na Edukasyon at mga Mag-aaral ng Mas Mataas na Edukasyon ay dapat magkaroon, sa minimum, ng unang dosis ng isang serye ng dalawang-dosis na bakuna sa COVID-19 o isang solong-dosis na bakuna sa COVID-19 sa Setyembre 19, 2021, at ng pangalawang dosis ng isang serye ng dalawang-dosis na bakuna sa COVID-19 sa loob ng 30 araw pagkatapos maturukan ng kanilang unang dosis sa isang serye ng pagbabakuna na may dalawang dosis. Ang sinumang Tauhan ng Mas Mataas na Edukasyon o Mag-aaral ng Mas Mataas na Edukasyon na hindi napatunayang sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat na masuri na naaayon sa mga kinakailangan ng Subseksyon (d). Upang mapatunayan na sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19, ang mga Tauhan ng Mas Mataas na Edukasyon at mga Mag-aaral ng Mas Mataas na Edukasyon ay dapat magbigay sa Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon ng patunay ng ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19. Ang patunay ng pagbabakuna sa COVID-19 ay maaaring matugunan sa pamamagitan ng pagbibigay ng isa sa mga sumusunod: (1) isang CDC COVID-19 record card ng pagbabakuna o larawan ng kard; (2) dokumentasyon ng pagbabakuna mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o elektronikong rekord ng kalusugan; o (3) mga rekord ng pagbabakuna ng estado.
c. Ang isang Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon ay dapat ibukod ang mga Tauhan ng Mas Mataas na Edukasyon at mga Mag-aaral ng Mas Mataas na Edukasyon na hindi ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 mula sa lugar maliban kung sumunod sila sa mga kinakailangan sa pagsusuri na tinukoy sa Subseksyon (d).
d. Simula sa Setyembre 19, 2021, upang makapasok o magtrabaho sa o para sa isang Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon, ang mga Tauhan ng Mas Mataas na Edukasyon at mga Mag-aaral ng Mas Mataas na Edukasyon na hindi pa ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat sumailalim sa pagsusuri para sa COVID-19, tulad ng inilarawan sa ibaba, hanggang sa mapatunayan nilang sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19:
    i. Ang mga Tauhan ng Mas Mataas na Edukasyon at mga Mag-aaral ng Mas Mataas na Edukasyon na hindi ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat na masuri para sa COVID-19 nang lingguhan, sa minimum. Ang pagsusuri ay dapat gawin gamit ang isang test na may Awtorisasyon para sa Emerhensiyang Paggamit ng FDA o isinasagawa alinsunod sa mga kinakailangan sa Laboratory Developed Test ng U.S. Centers for Medicare and Medicaid Services.
    ii. Ang nasabing pagsusuri para sa mga Tauhan ng Mas Mataas na Edukasyon at mga Mag-aaral ng Mas Mataas na Edukasyon na hindi ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 ay dapat isagawa nang on-site sa Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon o ang Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon ay dapat kumuha ng katibayan o kumpirmasyon mula sa Tauhan ng Mas Mataas na Edukasyon o Mag-aaral ng Mas Mataas na Edukasyon na hindi ganap na nabakunahan

laban sa COVID-19 ng negatibong resulta ng pagsusuri na nakuha sa ibang lugar.

iii. Inirerekomenda ng IDPH na masuri ang mga Tauhan ng Mas Mataas na Edukasyon at mga Mag-aaral ng Mas Mataas na Edukasyon gamit ang PCR test kung ito ay available.

e. Ang mga indibidwal ay hindi kasama mula sa anumang kinakailangan upang maging ganap na mabakunahan laban sa COVID-19 kung (1) ang pagbabakuna ay medikal na kontraindikado, kabilang ang sinumang indibidwal na karapat-dapat sa isang akomodasyon sa ilalim ng Americans with Disabilities Act o anumang ibang batas na naaangkop sa isang makatuwirang akomodasyon na nauugnay sa kapansanan, o (2) ang pagbabakuna ay mangangailangan sa indibidwal na labagin o talikuran ang matapat na pinanghahawakan na paniniwala sa relihiyon, kaugalian, o pagtalima nito. Ang mga indibidwal na nagpapatunay na sila ay hindi kasama sa kinakailangan sa pagbabakuna ay dapat sumailalim, sa minimum, sa lingguhang pagpapasuri tulad ng nakasaad sa Subseksyon (d).

f. Ang mga ahensya ng Estado, kabilang ngunit hindi limitado sa IDPH, ang Illinois Community College Board, at Lupon ng Mas Mataas na Edukasyon sa Illinois, ay maaaring magpalaganap ng mga panuntunang pang-emerhensiya kung kinakailangan upang maisakatuparan ang Kautusang Tagapagpaganap na ito.

**<u>Seksyon 5: Mga Kinakailangan sa Pagbabakuna sa Mga Komunal na Pasilidad na Pagmamay-ari o Pinamamahalaan ng Estado.</u>**

a. Mga Depinisyon

   i. Ang "Mga Komunal na Pasilidad na Pagmamay-ari o Pinamamahalaan ng Estado" ay nangangahulugang mga komunal na pasilidad na pinamamahalaan ng Illinois Department of Veterans' Affairs, Illinois Department of Human Services, Illinois Department of Corrections, at ng Illinois Department of Juvenile Justice.

   ii. Ang isang indibidwal ay "ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19" dalawang linggo pagkatapos matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng dalawang-dosis na bakuna sa COVID-19 na awtorisado para sa emerhensiyang paggamit, lisensyado, o kung hindi man ay inaprubahan ng U.S. FDA, o dalawang linggo pagkatapos matanggap ang isang solong-dosis na bakuna sa COVID-19 na awtorisado para sa emerhensiyang paggamit, lisensyado, o kung hindi man ay inaprubahan ng FDA.

b. Ang lahat ng mga empleyado ng Estado sa mga komunal na pasilidad na pagmamay-ari o pinamamahalaan ng Estado ay dapat na may parehong dosis ng isang serye ng dalawang-dosis na bakuna sa COVID-19 o isang solong-dosis na bakuna sa COVID-19 nang hindi lalampas sa Oktubre 4, 2021, napapailalim sa bargaining.

c. Ang lahat ng mga kontratista at vendor na nagtatrabaho sa mga komunal na pasilidad na pagmamay-ari o pinamamahalaan ng Estado ay dapat na may parehong dosis ng isang serye ng dalawang-dosis na bakuna sa COVID-19 o isang solong-dosis na bakuna sa COVID-19 nang hindi lalampas sa Oktubre 4, 2021.

Hindi nito saklaw ang sinumang tao na naroroon sa komunal na pasilidad na pagmamay-ari o pinamamahalaan ng Estado sa loob lamang ng maikling panahon at may panandaliang pakikipag-ugnayan sa ibang tao sa lugar (hal., mga kontratista na nagsasagawa ng paghahatid sa lugar kung saan sila ay nananatiling pisikal na nakadistansya mula sa iba o madaliang pumapasok sa lugar upang kunin ang isang kargamento).

d. Upang mapatunayan na sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19, ang mga empleyado ng Estado at mga kontratista at vendor sa mga komunal na pasilidad na pagmamay-ari o pinamamahalaan ng Estado ay dapat magbigay sa mga komunal na pasilidad na pagmamay-ari o pinamamahalaan ng Estado ng patunay ng ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19. Ang patunay ng pagbabakuna sa COVID-19 ay maaaring matugunan sa pamamagitan ng pagbibigay ng isa sa mga sumusunod: (1) isang CDC COVID-19 record card ng pagbabakuna o larawan ng kard; (2) dokumentasyon ng pagbabakuna mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o elektronikong rekord ng kalusugan; o (3) mga rekord ng pagbabakuna ng estado.
e. Ang mga indibidwal ay hindi kasama sa kinakailangan na maging ganap na mabakunahan laban sa COVID-19 kung (1) ang pagbabakuna ay medikal na kontraindikado, kabilang ang sinumang indibidwal na karapat-dapat sa isang akomodasyon sa ilalim ng Americans with Disabilities Act o anumang ibang batas na naaangkop sa isang makatuwirang akomodasyon na nauugnay sa kapansanan, o (2) ang pagbabakuna ay mangangailangan sa indibidwal na labagin o talikuran ang matapat na pinanghahawakan na paniniwala sa relihiyon, kaugalian, o pagtalima nito. Ang mga indibidwal na nagpapakita na natutugunan nila ang mga kinakailangan para sa isang iksemsyon ay sasailalim sa karagdagang mga kinakailangan sa pagpapasuri.
f. Ang Illinois Department of Central Management Services koponan ng Labor Relations ay inatasang makipagkasundo sa pagpapatupad ng Kautusang Tagapagpaganap na ito sa mga nauugnay na unyon ng manggagawa, at tawaran ang mga probisyong ito gaya ng naaangkop sa ilalim ng batas.

**Seksyon 6: Mga Karagdagang Kinakailangan sa Pagbabakuna at Pagsusuri.**

a. Ang impormasyon tungkol sa mga magagamit na mapagsasanggunian sa pagsusuri, kasama ang mga lugar ng pagsusuri na nakabase sa pamayanan na suportado ng estado, ay matatagpuan sa: http://dph.illinois.gov/testing. Makukuha rin ang karagdagang impormasyon sa Pansamantalang Patnubay ng IDPH sa Pagsusuri para sa COVID-19 sa Mga Setting ng Komunidad at Mga Paaralan, matatagpuan sa: http://dph.illinois.gov/covid19/community-guidance/rapid-point-care-testing-covid-19.
b. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang nagbabawal sa anumang entidad, pampubliko o pribado, mula sa pagpapatupad ng mga kinakailangan sa pagbabakuna o pagpapasuri para sa mga tauhan, kontratista, mag-aaral o mga bisita na lumampas sa mga kinakailangan ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, kasama ang hinihiling na

maging ganap na mabakunahan sa petsa na mas maaga kaysa sa iniutos ng Kautusang Tagapagpaganap na ito.

c. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang nagbabawal sa anumang entidad, pampubliko o pribado, mula sa pagpapatupad ng kautusan na ang mga tauhan, kontratista, mag-aaral o mga bisita ay ganap na mabakunahan nang hindi nagbibigay ng alternatibo na magsuri nang lingguhan, na naaayon sa naaangkop na batas.
d. Ang IDPH at ang Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois ay maaaring magpatibay ng mga panuntunang pang-emerhensiya upang atasan ang mga pasilidad na magsagawa ng mas madalas na pagsusuri kaysa sa hinihiling ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, at wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang inilaan upang humalili o palitan ang anumang mga protokol ng IDPH para sa mga pasilidad na magpatupad ng mas madalas na pagsusuri sa mga lugar na may mataas na transmisyon o para sa mga pasilidad na nakakaranas ng pagsiklab.
e. Ang lahat ng mga entidad ay hinihimok na magpatupad ng matatag na mga programa sa pagbabakuna at pagsusuri upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19.
f. Maaaring pahintulutan ng mga entidad ang Mga Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan, Mga Tauhan ng Paaralan, Tauhan ng Mas Mataas na Edukasyon, at Mga Mag-aaral ng Mas Mataas na Edukasyon na manatili sa mga nasasakupang lugar habang hinihintay nila ang mga resulta ng lingguhang pagsusuri sa COVID-19 na hinihiling ng Kautusang Tagapagpaganap na ito hangga't wala silang anumang mga sintomas ng COVID-19 na nagbibigay-katuwiran sa pagbubukod hanggang sa matanggap ang resulta ng pagsusuri.

**Seksyon 7.** Sa buong panahon ng Gubernatorial Disaster Proclamation, ang hiling sa Hospital Licensing Act, 210 ILCS 85/10(c) na ang Kagawaran ay dapat makatanggap ng paunang pagsang-ayon mula sa Hospital Licensing Board bago magpatibay ng isang patakaran ay suspendido.

**Seksyon 8: Pangligtas na Sugnay.** Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ituturing na walang bisa ng anumang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa nito ay hindi nakakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng epekto nang walang di-wastong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang maaaring ihiwalay.

**Seksyon 9: Mga Naunang Kautusang Tagapagpaganap.** Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa Kautusang Tagapagpaganap 2021-20 at anumang salungat na probisyon ng iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap. Ang anumang mga probisyon na hindi salungat sa mga nasa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay mananatiling ipinapatupad at may bisa.

**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Setyembre 3, 2021
Inihain ng Kalihim ng Estado Setyembre 3, 2021